# Isang Mabilisang Gabay para sa Medicare at Medicaid



Medicare

## Ano ang Medicare?

Ang Medicare ay pangkalusugang insurance para sa:

- Mga taong 65 o mas matanda pa
- Mga taong wala pang 65 taong gulang na may mga kapansanan
- Mga taong anuman ang edad na may End-Stage Renal Disease (ESRD) (permanenteng pagpalya ng kidney o bato na nangangailangan ng diyalisis o kidney transplant) o ALS (kilala rin bilang Lou Gehrig's disease)

## Ano ang mga bahagi ng Medicare?

Kasama sa Original Medicare ang Bahagi A ng Medicare (Pang-ospital na Insurance) at Bahagi B ng Medicare (Medikal na Insurance). Ang Medicare Advantage Plan ay isa pang paraan para makuha ang iyong pagsaklaw na Bahagi A at Bahagi B ng Medicare. Ang mga Medicare Advantage Plan na minsan tinatawag na "Bahagi C" o "Mga MA Plan," ay mga planong aprubado ng Medicare na inaalok ng mga pribadong kompanya na dapat sumunod sa mga patakarang tinakda ng Medicare.

## Tumutulong ang Bahagi A ng Medicare na masaklawan ang:

- Pag-aalaga sa pasyente habang naka-admit sa mga ospital
- Pag-aalaga sa pasilidad ng dalubhasa sa pangangalaga
- Pag-aalagang panghospisyo
- Pag-aalaga sa kalusugan sa loob ng tahanan

## Tumutulong ang Bahagi B na masaklawan ang:

- Mga serbisyo mula sa mga doktor at ibang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan
- Pag-aalaga sa pasyente kahit hindi naka-admit sa ospital
- Pag-aalaga sa kalusugan sa loob ng tahanan
- Pangmatagalang medikal na kagamitan (tulad ng mga wheelchair, walker, higaan sa ospital, at iba pang kagamitan)
- Maraming pang-iwas na serbisyo (tulad ng mga pagsusuri, iniksiyon at taunang pagbisita para sa "Kagalingan")

## Ang Bahagi D ng Medicare (pagsaklaw ng gamot) ay tumutulong sa:

- Pagsaklaw ng gastusin sa mga may-resetang gamot (kasama ang maraming inirerekomendang bakuna)
- Gastusin sa gamot na hindi saklaw ng Bahagi B

Puwede kang sumali sa plano sa gamot ng Medicare bukod pa sa Original Medicare, o makukuha mo ito sa pamamagitan ng pagkuha ng Medicare Advantage Plan na may pagsaklaw ng gamot. Ang mga planong nag-aalok ng pagsaklaw ng gamot ng Medicare ay pinatatakbo ng mga pribadong kompanya ng insurance na sumusunod sa mga patakarang tinakda ng Medicare.



## Ang Mga Opsiyon mo sa Medicare

Sa una mong pag-sign up para sa Medicare, at sa ilang partikular na panahon sa taon, puwede mong piliin kung paano mo makukuha ang iyong pagsaklaw ng Medicare. May 2 pangunahing paraan para makakuha ng Medicare:

### Original Medicare

- Kasama ng Original Medicare ang Bahagi A ng Medicare (Pang-ospital na Insurance) at Bahagi B ng Medicare (Pang-medikal na Insurance).
- Maaari kang sumali sa hiwalay na plano sa gamot ng Medicare para makakuha ng pagsaklaw ng gamot ng Medicare (Bahagi D).
- Puwede kang pumunta sa alinmang doktor o ospital na tumatanggap ng Medicare, saanman sa U.S.
- Upang makatulong na mabayaran ang mga gastusin mula sa sariling bulsa sa Original Medicare (tulad ng iyong 20%. ng coinsurance), puwede ka ring mamili at bumili ng suplemental na pagsaklaw.

☑ Bahagi A

☑ Bahagi B

**Puwede mong idagdag ang:**

☐ Bahagi D

**Puwede mo ring idagdag ang:**

☐ **Suplemental na pagsaklaw**

Kasama dito ang Medicare Supplement Insurance (Medigap). O, magagamit mo ang pagsaklaw mula sa kasalukuyan o dating employer, unyon, o Medicaid.

### Medicare Advantage

- Ang Medicare Advantage ay isang planong aprubado ng Medicare na mula sa pribadong kompanyang nag-aalok ng alternatibo sa Original Medicare para sa pagsaklaw ng iyong kalusugan at gamot. Kasama sa mga “naka-bundle” na planong ito ang Bahagi A, Bahagi B, at karaniwan ay Bahagi D.
- Sa maraming sitwasyon, puwede ka lang pumunta sa mga doktor na nasa network ng plano.
- Sa ilang sitwasyon, maaaring kailangan mong makakuha ng pag-apruba mula sa iyong plano bago nito saklawin ang mga partikular na gamot at serbisyo.
- Maaaring may ibang gastusin ang mga plano kaysa sa Original Medicare. Maaaring mayroon ka ring karagdagang premium.
- Ang mga plano ay nag-aalok ng ilang karagdagang benepisyo na hindi sinasaklaw ng Original Medicare— tulad ng ilang serbisyo para sa paningin, pandinig, at ngipin.

☑ Bahagi A

☑ Bahagi B

**Kasama ng karamihan sa mga plano ang:**

☑ Bahagi D

☑ Ilang karagdagang benepisyo

## Ano ang Medicaid?

Ang Medicaid ay isang magkasamang programang pederal at estado na tumutulong sa mga medikal na gastusin para sa ilang taong may limitadong kita at mga mapagkukunan.

Nag-aalok ang Medicaid ng mga benepisyong hindi karaniwang saklaw ng Medicare, tulad ng pag-aalaga sa tahanan ng pangangalaga at mga serbisyo sa personal na pangangalaga. Iba-iba ang mga patakaran sa kung sino ang kwalipikado para sa Medicaid sa bawat estado. Kung kwalipikado ka para sa Medicaid sa iyong estado, awtomatiko kang magiging kwalipikado para sa Karagdagang Tulong (Extra Help). Ang Karagdagang Tulong (Extra Help) ay isang programa para tulungang mabayaran ng mga taong limitado ang kita at mga mapagkukunan ang mga gastusin mula sa sariling bulsa sa pagsaklaw ng gamot ng Medicare (Bahagi D).

## Paano ako magiging kwalipikado para sa Medicaid?

Upang maging kwalipikado para sa Medicaid sa iyong estado, dapat residente ka ng estadong iyon. Ang bawat estado ay may magkakaibang patakaran tungkol sa pagiging kwalipikado at pag-apply sa Medicaid. Sa pangkalahatan, dapat matugunan mo ang patakaran ng estado para sa iyong kita at mga mapagkukunan.

Maaaring kwalipikado ka sa Medicaid kung limitado ang kita mo at ikaw ay:

- 65 o mas matanda pa
- Batang wala pang 19 na taong gulang
- Buntis
- Namumuhay nang may kapansanan
- Isang magulang o nasa hustong gulang na nag-aalaga sa bata
- Isang nasa hustong gulang na walang umaasang anak (sa ilang estado)

Maaaring makakuha ka ng Medicaid kung matugunan mo ang limitasyon sa mapagkukunan ng iyong estado, ngunit masyadong mataas ang iyong kita para maging kwalipikado. Sa ilang estado, puwede ang "pag-spend down" sa halaga ng iyong kita na lampas sa limitasyon sa Medicaid ng estado. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagbabayad sa mga hindi saklaw na medikal na gastos at cost sharing (tulad ng mga Medicare premium at ibinabawas) hanggang sa umabot ang iyong kita sa antas na magiging kwalipikado ka para sa Medicaid.

Upang makakuha ng higit pang detalye tungkol sa tulong para sa mga taong may mga limitadong mapagkukunan, tawagan ang tanggapan ng State Medical Assistance (Medicaid) o bisitahin ang **Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu** para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong estado.

## Puwede ba akong parehong magkaroon ng Medicare at Medicaid?

Oo, maaari kang magkaroon ng parehong Medicare at Medicaid kung kwalipikado ka. Ang mga taong mayroong parehong Medicare and buong pagsaklaw ng Medicaid ay "kwalipikado sa pandalawahan." Medicare ang unang nagbabayad kapag ikaw ay kwalipikado sa pandalawahan at makakakuha ka ng mga serbisyong saklaw ng Medicare. Panghuling nagbabayad ang Medicaid, pagkatapos ng Medicare at anumang iba pang pangkalusugang insurance na mayroon ka.

Kung ikaw ay kwalipikado sa pandalawahan, sasaklawin ng Medicare ang iyong mga may resetang gamot. Awtomatiko kang mae-enroll sa plano sa gamot ng Medicare na sasaklaw sa gastusin mo sa gamot sa halip na ang Medicaid. Maaari pa ring saklawin ng Medicaid ang ilang gamot na hindi saklaw ng Medicare.

Para sa higit pang impormasyon kung paano magagamit nang sabay ang Medicare at buong pagsaklaw ng Medicaid, bisitahin ang **Medicare.gov/basics/costs/help/Medicaid**.



## Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

### Maghanap ng pangkalahatang impormasyon ng Medicare:

- **Bisitahin ang** Medicare.gov para makakuha ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga planong pangkalusugan at plano sa gamot ng Medicare sa iyong lugar, hanapin ang mga kalahok na tagapagbigay at supplier ng pangangalagang pangkalusugan, makakuha ng impormasyon sa kalidad ng pag-aalaga, at higit pa.
- **Tingnan ang pinakabago mong handbook ng "Medicare & You"** para malaman kung ano ang bago, alamin ang iyong mga gastusin sa Medicare, at makakuha ng impormasyon tungkol sa kung ano ang sinasaklaw ng Medicare.

### Makakuha ng iniangkop na tulong:

- Makipag-usap o makipag-live chat sa isang totoong tao, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban sa ilang pederal na holiday):
  1. Tawagan kami sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Uwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng libreng tulong sa wika maliban sa Ingles o Espanyol, sabihin ang "Agent" para makipag-usap sa kinatawan ng serbisyo para sa kostumer.
  2. Makipag-live chat sa amin sa **Medicare.gov/talk-to-someone**.
- Contact Makipag-ugnayan sa iyong lokal na State Health Insurance Assistance Program (SHIP) para makakuha ng libreng iniangkop na pagpapayo sa pagsaklaw ng Medicare, mga paghahabol, apela at tulong sa mga taong may limitadong kita at mga mapagkukunan. Bisitahin ang **shiphelp.org**, o tumawag sa 1-800-MEDICARE para makuha ang numero ng telepono para sa iyong lokal na SHIP.
- Bisitahin ang Eldercare Locator sa **eldercare.acl.gov** para makahanap ng mga lokal na mapagkukunan, tingnan ang mga benepisyo, at plano para sa pangmatagalang pag-aalaga.
- Bisitahin ang **Medicare.gov/basics/costs/help/medicaid**, para sa higit pang impormasyon tungkol sa Medicaid.







## Mga paalala

## Mga paalala

Medicare

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo nakaranas ka ng diskriminasyon. Bisitahin ang **Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice**, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa higit pang impormasyon. Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048..

This product was produced at U.S. taxpayer expense.

CMS Product No. 12207-T • 3/2024